Mayo 29, 2020 Executive Order 2020-39

EXECUTIVE ORDER 2020-39
(COVID-19 EXECUTIVE ORDER NO. 37)

KUNG SAAN, simula sa uanng bahagi ng Marso 2020, naharap ang Illinois sa sakunang dulot ng pandemya na kumitil sa buhay ng higit sa 5,180 residente at nakahawa sa lagpas 100,000, na nagresulta sa di-pangkaraniwang karamdaman at pagkawala ng buhay, at patuloy pang kumakalat; at,

KUNG SAAN, sa lahat ng oras lalo na sa panahong may krisis sa kalusugan ng publiko, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa mga pinakaimportanteng tungkulin ng gobyerno ng Estado; at,

KUNG SAAN, sa pagpasok ng Illinois sa ika-apat na buwan ng pagtugon sa sakunang pang kalusugan ng publiko na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong labis na nakamamatay na karamdaman sa baga na mabilis na kumalat sa mga tao sa pamamagitan ng hawaan sa hininga at wala pang mabisang lunas o bakuna, wala pang naging ganitong pasanin ang mga residente, tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan, mga first responder at mga gobyerno sa kabuuan ng Estado; at,

KUNG SAAN, dineklara ng World Health Organization ang COVID-19 na isang Emergency sa Kalusugan ng Publiko na Problema ng Mga Bansa noong Enero 30, 2020, at dineklara ng Secretary of Health and Human Services ng United States na ang COVID-19 ay nagprepresenta ng emergency sa kalusugan ng publiko noong Enero 27, 2020; at,

KUNG SAAN, noong Marso 9, 2020, dineklara ko, JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, na lahat na county sa Estado ng Illinois bilang lugar ng sakuna bilang pagtugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

KUNG SAAN, noong Abril 1, 2020, dahil sa mabilis na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, muli kong dineklara na lugar ng sakuna ang lahat na county sa Estado ng Illinois; at,

KUNG SAAN, noong Abril 30, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, sa bantang kakulangan ng kama sa ospital, mga kama sa ER, at mga ventilator, at di-sapat na kakayahang magsuri, muli kong dineklara na lugar ng sakuna ang lahat na county sa Estado ng Illinois; at,

KUNG SAAN, bilang karagdagan sa trahedyang pagkamatay ng 5,186 taga-Illinois at pagsira sa psikal na kalusugan ng libu-libo pang tao, nagdulot ang COVID-19 ng malawakang kawalan ng ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa pinansyal na kapakanan ng malaking bilang ng mga tao at negosyo sa buong bansa at Estado; at,

KUNG SAAN, noong Mayo 29, 2020, dahil sa libu-libong buhay na nawala sa COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na pagdami ng mga kaso, ang patuloy na banta ng kakulangan ng mga kama sa ospital, mga kama sa ER, at mga ventilator, ang pinahusay ngunit kulang pa rin na kapasidad

sa pagsusuri, at pagkasira ng pananalapi na dulot ng virus, muli kong dineklara na lugar ng sakuna ang lahat na county sa Estado ng Illinois; at,

KUNG SAAN, nagtipon ang 101st General Assembly para sa Special Session simula noong Mayo 20, 2020 at nagpasa ng ilang panukalang batas, kung saan ang ilan ay tutugon sa mga probisyon ng mga naunang Executive Order; at,

KUNG SAAN, bilang pagtugon sa emergency ng epidemya at emergency sa kalusugan ng publiko na inilarawan sa itaas, napagtanto ko na kinakailangang muling ilabas ang mga Executive Order na 2020-03, 2020-04, 2020-05, 2020-06, 2020-07, 2020-08, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-13, 2020-14, 2020-15, 2020-16, 2020-17, 2020-20, 2020-21, 2020-22, 2020-23, 2020-24, 2020-25, 2020-26, 2020-27, 2020-28, 2020-29, 2020-30, 2020-31, 2020-34, 2020-35, 2020-36, at 2020-37 at isinasama rito ang mga sugnay na KUNG SAAN ng mga Executive Order na iyon;

KAYA, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksiyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng parehong mga kapangyarihan sa mga batas pampubliko, inuutos ko ang mga sumusunod, simula Mayo 29, 2020:

Part 1: Muling Paglabas ng mga Executive Order.

Ang mga Executive Order na 2020-03, 2020-04, 2020-05, 2020-06, 2020-07, 2020-08, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-13, 2020-14, 2020-15, 2020-16, 2020-17, 2020-20, 2020-21, 2020-22, 2020-23, 2020-24, 2020-25, 2020-26, 2020-27, 2020-28, 2020-29, 2020-30, 2020-31, 2020-34, 2020-35, 2020-36, at 2020-37 ay muling inilalabas ng Executive Order 2020-39 na ito bilang mga sumusunod:

Executive Order 2020-04 (Pagsara ng James R. Thompson Center; waiver ng hinihinging sick leave para sa mga emplevado ng Estado):

Ang mga Seksiyon 2 at 3 ng Executive Order 2020-04 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Mga Executive Order na 2020-05 at 2020-06 (Pagsara ng gma paaralan):

Ang Seksiyon 1 ng Executive Order 2020-05 at mga Seksiyon 1 at 2 ng Executive Order 2020-06 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Ang mga Seksiyon 2 at 3 ng Executive Order 2020-05 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020** o hanggang sa maipatupad ang kaugnay na pagsasabatas (SB 1569) at magkabisa, alinman ang maunang mangyari.

Executive Order 2020-07 (Pagsuspindi sa pag-inom at pagkain sa mga restaurant at bar; insurance sa kawalan ng trabaho; Open Meetings Act):

Ang mga Seksiyon 3 at 4 ng Executive Order 2020-07 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Ang Seksiyon 5 ng Executive Order 2020-07 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020** o hanggang sa maipatupad ang kaugnay na pagsasabatas (HB 2455) at magkabisa, alinman ang maunang mangyari.

Ang Seksiyon 6 ng Executive Order 2020-07, ayon sa pagkaka-amyenda ng Executive Order 2020-33, ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020** o hanggang sa maipatupad ang kaugnay na pagsasabatas (SB 2135) at magkabisa, alinman ang maunang mangyari.

Executive Order 2020-08 (Mga operasyon ng Secretary of State):

Ang Executive Order 2020-08, ayon sa pagkaka-amyenda sa ibaba, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Seksiyon 3. Sa loob ng itatagal ng at higit pa sa tatlumpung araw kasunod ng pagwakas ng Mga Proklamasyon ng Gobernador sa Sakuna, ang mga hinihingi sa Limited Liability Company Act, 805 ILCS 180/55-5; Uniform Limited Partnership Act (2001), 805 ILCS 215/1309; General Not For Profit Corporation Act ng 1986, 805 ILCS 105/101.45; at Business Corporation Act ng 1983, 805 ILCS 5/1.45, na ang Secretary ay, sa loob ng 10 araw pagkaraang ihatid ang anumang dokumentong kinakailangan ng mga Act na iyon na mai-file sa Secretary of State, abisuhan ang nag-file kung sang-ayon ang Secretary sa dokumento, ay suspendido. Sa panahong ito, ipoproseso ng Secretary ang mga dokumentong ito sa pinakamabilis na posibleng paraan.

Seksiyon 4. Sa loob ng itatagal ng at higit pa sa tatlumpung araw kasunod ng pagwakas ng Mga Proklamasyon ng Gobernador sa Sakuna, ang mga obligasyon ng Secretary na magbigay ng pinabilis na mga serbisyo ayon sa itinakda sa Limited Liability Company Act, 805 ILCS 180/50-50; Uniform Limited Partnership Act (2001), 805 ILCS 215/1308; Uniform Partnership Act (1997), 805 ILCS 206/1209; General Not For Profit Corporation Act ng 1986, 805 ILCS 105/115.20; at Business Corporation Act ng 1983, 805 ILCS 5/15.95, ay suspendido.

Executive Order 2020-09 (Telehealth):

Ang Executive Order 2020-09 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-11 (Mga binago sa mga naunang Executive Order; Panahon ng abiso ng Department of Corrections):

Ang Seksiyon 3 ng Executive Order 2020-11 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020** o hanggang sa maipatupad ang kaugnay na pagsasabatas (SB 1569) at magkabisa, alinman ang maunang mangyari.

Ang Seksiyon 4 ng Executive Order 2020-11 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-12 (Mga background check sa Healthcare worker; Panahon ng abiso ng Department of Juvenile Justice; Coal Mining Act):

Ang Executive Order 2020-12 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-13 (Pagsuspindi sa pagtanggap ng Illinois Department of Corrections mula sa mga kulungan ng county):

Ang Executive Order 2020-13 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-14 (Mga pamatnubay sa notaryo at saksi):

Ang Executive Order 2020-14, ayon sa pagkaka-amyenda ng Executive Order 2020-33, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020** o hanggang sa maipatupad ang kaugnay na pagsasabatas (SB 2135) at magkabisa, alinman ang maunang mangyari.

Executive Order 2020-15 (Pagsuspindi sa mga probisyon ng Illinois School Code):

Ang mga Seksiyon 1, 2, 3, at 4 ng Executive Order 2020-15 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020** o hanggang sa maipatupad ang kaugnay na pagsasabatas (SB 1569) at magkabisa, alinman ang maunang mangyari.

Ang mga Seksiyon 5, 6, 7, 8, at 9 ng Executive Order 2020-15 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-16 (Paghatak sa mga sasakyan; pagsuspindi sa hinihinging pagsasanay sa silid-aralan para sa mga serbisyong pangseguridad):

Ang Executive Order 2020-16 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Mga Executive Order 2020-03 at 2020-17 (Mga deadline at aplikasyon para sa Cannabis):

Ang mga Executive Order na 2020-03 at 2020-17, ayon sa pagkakabago ng Executive Order 2020-18, ay muling inilabas at mananatiling may-bisa ayon sa pagkakatukoy ng Executive Order 2020-18.

Executive Order 2020-20 (Mga hinihingi para sa tulong sa publiko):

Ang Executive Order 2020-20 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-21 (Bakasyon ng mga nakapiit sa Illinois Department of Corrections):

Ang Executive Order 2020-21 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-22 (Mga township meeting; Licensing Code ng mga Direktor ng Punerarya at Embalsamador; mga placement sa ilalim ng Child Care Act of 1969; mga pagsumite ng fingerprint sa ilalim ng Health Care Worker Background Check Act):

Ang Seksiyon 1 ng Executive Order 2020-22 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020** o hanggang sa maipatupad ang kaugnay na pagsasabatas (HB 2096) at magkabisa, alinman ang maunang mangyari.

Ang mga Seksiyon 2, 3, 4, 5, ng Sugnay sa Pagliligtas ng Executive Order 2020-22 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-23 (Mga aksiyon ng Illinois Department of Financial and Professional Regulation para sa mga lisensyadong propesyunal na tumutulong sa pagtugon sa sakuna):

Ang Executive Order 2020-23 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-24 (Forensic Treatment Program ng Illinois Department of Human Services; mga imbestigasyon ng mga empleyado ng Illinois Department of Human Services):

Ang Executive Order 2020-24 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-25 (Kautusang magbayad at mga kaltas sa sahod):

Ang Executive Order 2020-25 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-26 (Kapasidad ng ospital):

Ang Executive Order 2020-26 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-27 (Mga bangkay na nagpopositibo sa COVID-19):

Ang Executive Order 2020-27 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-28 (Mga sertipikasyon para sa industrial radiography):

Ang Executive Order 2020-28 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-29 (Pisikal na pagdalo sa pag-aaral o mga pagsusulit para sa mga propesyunal na lisensya sa insurance):

Ang Executive Order 2020-29 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-30 (Pag-file ng mga asuntong pagpapa-alis sa tahanan; pagpapatupad sa mga kautusan sa hindi residensyal na pagpapa-alis; mga pasong dokumentong pagkakakilanlan ng consul; mga elektronikong pag-file para sa Illinois Human Rights Commission):

Ang Executive Order 2020-30, ayon sa pagkaka-amyenda ng Executive Order 2020-33, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-31 (Mga hinihingi para sa lisensya ng guro at pagtatapos ng estudyante):

Ang Executive Order 2020-31 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-34 (Mga hinihingi para sa Cannabis):

Ang Executive Order 2020-34 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-35 (Mga aktibidad na pangregulasyon ng IDPH):

Ang Executive Order 2020-35 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-36 (Mga lisensya sa pagpapakasal):

Ang Executive Order 2020-36 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020**.

Executive Order 2020-37 (Kaligtasan mula sa pananagutang sibil para sa mga pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan, mga propesyunal, at boluntaryo):

Ang Executive Order 2020-37, na pumalit sa Executive Order 2020-19 simula ng petsa ng pagkakabisa nito noong Mayo 13, 2020, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Hunyo 27, 2020.**

Part 2: Sugnay sa Pagliligtas. Kung may anumang probisyon sa Executive Order na ito o sa paglalapat dito sa sinumang tao o sitwasyon ay ituturing na hindi balido ng anumang may-kapangyarihang hurisdiksyon, hindi maaapektuhan ng pagka-hindi balido nito ang anumang iba pang probisyon o paglalapat ng Executive Order na ito, na maipapatupad nang wala ang probisyon o paglalapat na hindi balido. Para makamit ang layuning ito, dinedeklarang maaaring ihiwalay ang mga probisyon na ito ng Executive Order.

_____
JB Pritzker, Gobernador

Inilabas ng Gobernador Mayo 29, 2020
Inihain ng Secretary of State Mayo 29, 2020